

# Mga Tagubilin para sa Kurikulum ng 2023

Nakalista sa dokumentong ito ang mga materyal sa kurikulum ng Simbahan na gagamitin sa 2023. Para sa karamihan ng mga wika, ang mga materyal na ito ay makukuha nang digital sa Gospel Library app at sa ComeFollowMe.ChurchofJesusChrist.org. Nakasaad ang mga bagong item para sa 2023.

**Paalala:** Ang mga nakalimbag at digital na bersyon ng mga manwal sa Bagong Tipan na *Pumarito Ka , Sumunod Ka sa Akin* ay nagkaroon ng maliliit na pagbabago mula nang huling gamitin ito noong 2019. Hindi katulad noong nakaraang mga taon, ang nakalimbag na mga kopya ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* ay hindi na ipadadala sa mga unit nang libre. Kung maaari, dapat hikayatin ang mga miyembro na gamitin ang mga digital na bersyon ng mga manwal na *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*. Maaaring gamitin ng mga lider ng unit ang kanilang badyet upang umorder ng nakalimbag na mga kopya para sa mga miyembrong gusto nito, o maaaring mag-order ng mga kopya ang mga miyembro sa store.ChurchofJesusChrist.org.

| | |
|---|---|
| **MGA INDIBIDUWAL AT PAMILYA** | BINAGONG *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya: Bagong Tipan 2023* (17847) |
| **PRIMARY** | **KLASE SA NURSERY (EDAD 18 BUWAN–2 TAON)**<br>*Masdan ang Inyong mga Musmos: Manwal sa Nursery* (37108)<br>**ORAS NG PAG-AWIT AT LAHAT NG KLASE SA PRIMARY (EDAD 3–11)**<br>BINAGONG *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Primary: Bagong Tipan 2023* (17848)<br>Kung ang wikang gamit ng mga miyembro sa inyong unit ay Amharic, Hiligaynon, Hindi, Hmong, Icelandic, Lao, Lingala, Serbian, Shona, Sinhala, Slovak, Tamil, Telugu, Turkish, Urdu, Xhosa, o Zulu, iangkop ang mga ideya mula sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* para sa paggamit sa Primary, o gamitin ang iba pang mga manwal ng Simbahan para sa mga bata. |
| **SUNDAY SCHOOL** | **ADULT AT YOUTH SUNDAY SCHOOL**<br>BINAGONG *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa Sunday School: Bagong Tipan 2023* (17849)<br>Kung ang wikang gamit ng mga miyembro ng inyong unit ay Amharic, Hiligaynon, Hindi, Hmong, Lao, Lingala, Shona, Sinhala, Slovenian, Tamil, Telugu, Turkish, Urdu, Xhosa, o Zulu, iangkop ang mga ideya mula sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya* para sa paggamit sa Sunday School, o gamitin ang iba pang mga manwal ng Simbahan. |

| | |
|---|---|
| **ELDERS QUORUM AT RELIEF SOCIETY** | "Matuto mula sa mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya" (makukuha ang print version sa mga isyu ng kumperensya ng *Liahona*)<br>Kung ang mga miyembro ng inyong unit ay nagsasalita ng Amharic, Hiligaynon, Hindi, Hmong, Icelandic, Lao, Lingala, Serbian, Shona, Sinhala, Slovak, Slovenian, Tamil, Telugu, Turkish, Urdu, Xhosa, o Zulu, magturo mula sa mga pinakabagong mensahe sa pangkalahatang kumperensya na tumutugon sa mga pangangailangan ng inyong elders quorum o Relief Society, o gumamit ng iba pang mga manwal ng Simbahan. |
| **AARONIC PRIESTHOOD AT YOUNG WOMEN** | BAGONG *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Korum ng Aaronic Priesthood at mga Klase ng Young Women: Mga Paksa ng Doktrina 2023* (18483)<br>Kung ang wikang gamit ng mga miyembro ng inyong unit ay Amharic, Hiligaynon, Hindi, Hmong, Icelandic, Lao, Lingala, Serbian, Shona, Sinhala, Slovak, Slovenian, Tamil, Telugu, Turkish, Xhosa, Zulu, o Urdu, gamitin ang mga lesson sa kabanata 3 ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* (16229 893). Maaari din kayong magturo mula sa mga pinakabagong mensahe sa pangkalahatang kumperensya na tumutugon sa mga pangangailangan ng inyong mga kabataan. |
| **LAHAT NG ORGANISASYON** | BINAGONG *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas* (18709)<br>Ang manwal na ito ay naglalayong tumulong na mapahusay ang pagtuturo sa tahanan at sa simbahan, at ito ang pangunahing resource o sanggunian para sa mga teacher council meeting. Kapag naging available na ang nakalimbag na mga kopya ng binagong manwal, ipadadala ang mga ito nang walang bayad sa bawat unit. |
| **IBA PANG MGA KURSO AT SUPORTANG MATERYAL (KUNG MAYROON)** | Ang mga kurso sa mga paksang tulad ng pagpapatatag ng pagsasama ng mag-asawa at pamilya, paghahanda para sa templo, paghahanda ng missionary, at mga alituntunin ng self-reliance ay hindi idinaraos sa ikalawang oras ng pagsisimba. Gayunman, ayon sa pagpapasiya ng bishop at batay sa lokal na mga pangangailangan, maaaring ituro ang mga kursong ito sa ibang mga pagkakataon. Ang mga materyal para sa mga kursong ito kasama ang iba pang resources na sumusuporta sa kurikulum, tulad ng mga magasin ng Simbahan, ay maaaring bilhin sa store.ChurchofJesusChrist.org. |
| **MGA TAGUBILIN PARA SA TAUNANG ORDER NG UNIT PARA SA KURIKULUM** | Kailangang umorder at magbayad ang mga unit para sa nakalimbag na mga kopya ng manwal na gagamitin sa tahanan, Primary, Sunday School, at Aaronic Priesthood at Young Women.<br>Maaari kayong umorder ng mga materyal para sa unit simula sa Hunyo 28, 2022. **Ipadala lamang ang inyong order bago sumapit ang Agosto 31, 2022.** Ang mga materyal na inorder pagkaraan ng petsang ito ay maaaring hindi maipadala bago sumapit ang Enero 1, 2023. Para makaorder ng nakalimbag na mga materyal, bisitahin ang store.ChurchofJesusChrist.org, piliin ang **Units and Callings**, at pagkatapos ay piliin ang **Annual Curriculum**.<br>Isipin ang sumusunod na mga tanong para maiwasan ninyong mag-order ng nakalimbag na mga kopya nang higit pa sa kailangan:<br>• Ilang nakalimbag na mga kopya ng bawat item ang mayroon na sa inyong unit?<br>• Ilang mga miyembro at guro ang gumagamit ng mga digital version ng mga materyal sa halip na nakalimbag na mga kopya? |
| **MGA MATERYAL PARA SA MGA MAY KAPANSANAN** | Ang mga materyal sa audio format, sa braille, at sa malalaking font size ay makukuha rin sa store.ChurchofJesusChrist.org. |

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2022 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Bersyon: 3/22. PD800002237 893. Inilimbag sa Pilipinas